# PAG-ASA HATID NG "TARA, BASA PROGRAM"

*by:*
**Xian Jade L. Ansale**
*San Ramon Elementary School*

"Tara, Basa", isang programang inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad (DSWD) na naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na tila baý malampasan ang hirap nila sa pagbasa.

Nagbibigay umano ang nasabing programa ng one-on-one tutoring sessions na maasahang tutulong din na magpataas sa literacy rate, magpabuti sa Akademikong pagganap at kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

Mukha namang magreresulta ito sa mas mataas na kumpiyansa at pag-asa sa sarili ng mga estudyanteng tulad ko. Pero kahit gayunpaman, may ibang limitasyon at hamon ang programa. Isa sa mga isyu ay ang kakulangan ng sapat na pondo at imprastraktura upang mapatupad ang programa sa lahat ng paaralan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kung hindi maayos ang pagpapatupad, maaaring hindi na makuha ang nais nating resulta mula sa programa. Maaari ding maging hadlang sa pag-unlad ng mga mag-aaral ang mga magulang na hindi aktibong kasama.

PAGPAPAKATATAG PARA SA MAS ITATATAG

Huwag tayong masyadong tumingin sa maganda at maliwanag na dako lamang. Kung papakasuri natin, kulang ang bilang ng mga tutor at kwalipikasyon ng mga ito. Para dito, pwedeng bigyang konsiderasyon ang pagpapatawag sa mga boluntaryo. Dapat din na maipakita ang sapat na sweldo upang mas lalong mahikayat ang mga tao. Lahat ito, para mas malinang at maging konkreto ang plano.

DAPAT SAPAT PARA SA NARARAPAT

Kahit gaano pa kaganda ang plano, kung hindi sapat ang edukasyon at monitoring, masasayang at imbis na maganda ang lalabas na result. Kaya hangga't posible't maaari, aim natin na malabas ang buo't tunay na lago ng plano.

DISKRIMINASYON SA TURO, HINDI BIRO

Ang maaaring diskriminasyon sa pagtuturo ay tila 'di isang biro. Hadlang ito sa hindi pantay-pantay na oportunidad sa lahat. At tuwing may hadlang, may harang sa mas ikaka-angat ng bawat isa.

Para sa mas epektibong pangaral at session ng tutor, pwedeng bigyang konsiderasyon ang pagtupad ng intensibong pagsasanay para sa mga tutor. Nararapat din ang lalo pang paglalaan ng pondo upang matugunan ang kulang tulad ng imprastraktura't materyales. Pero mas dapat siguraduhin na may tamang pagsubaybay at ebalwasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kahit pa mapataas nito ang literacy rate, kung hindi kasi konkreto balewala rin. Magkaroon tayo ng kamalayan na kahit gaano pa kaganda ang plano, kung pangit ang pagpapatupad at sistema, mauuwi ito sa mas mababang kalidad ng edukasyon.

Konkretong plano para sa ikaka-perpekto. 'Pag may "Tara, Basa", may pag-asang umangat ang mga mag-aaral na tulad ko.

*References:*